



# ANO ANG MGA BAGAY NA NAG-UUGNAY SA *TB at HIV?*

## ***Ang mga tao bang may HIV ay mas malamang na magkaroon ng tuberkulosis (TB)?***

Oo. May mga impeksiyon, tulad ng tuberkulosis, na mas malamang makuha ng mga taong naimpeksiyon ng HIV (ang virus na nagiging sanhi ng AIDS). Ang HIV ay nagpapahina sa sistemang panlaban sa sakit hanggang sa hindi na makayang labanan ng tao ang mga impeksiyon.

Ang isang taong may HIV ay dapat magpasuri ng balat para malaman kung may TB bilang bahagi ng kanilang pangkaraniwang pangangalagang medikal dahil ito ang tanging pagsusuri na maaaring makatuklas ng maaagang impeksiyon ng TB sa katawan. Ang ibang mga pagsusuri ay maaaring kailangan upang matiyak na wala pa sa mataas na antas ang TB na taglay mo.

## ***Ano ang maaaring gawin ng isang taong may impeksiyon ng HIV at TB upang hindi magkaroon ng sakit na TB?***

Ang isang taong may impeksiyon ng HIV at TB ay maaaring uminom ng gamot upang mabawasan ang panganib na magkaroon ng sakit na TB. Sinumang may HIV na may nakasamang taong may TB ay dapat suriin ng isang manggagamot.

## ***Ano pa ang dapat kong malaman tungkol sa TB at HIV?***

Ang mga tao ay nasa mas malaking panganib na magkaroon ng impeksiyon ng TB kung sila ay naninirahan o bumibisita sa mga bansa na maraming nagkakasakit ng TB (Asya, Aprika, Latino Amerika, Silangang Europa, Rusya), nagtrabaho o ninirahang kasama ng mga taong walang tahanan o nasa loob ng mga institusyon, nagtuturok ng mga bawal na gamot o inaabuso ang paggamit ng alkohol, kung sila ay lumalapit sa isang taong may sakit na TB, o may mga kondisyong medikal na nagpapahina ng sistemang panlaban sa sakit. Gayon din, ang pagsusuri ng balat para malaman kung may TB ay maaaring negatibo ang resulta kahit na sila ay may TB dahil sa kanilang mahinang sistemang panlaban sa sakit.

*Kung naniniwala ka na nanganganib kang magkaroon ng HIV at TB, kausapin ang iyong doktor o tumawag sa Programa Ukol sa TB ng Ahensiya ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao sa (619) 692-8620.*

*Maaaring kuwalipikado ka sa mga benepisyong Medi-Cal. Ang mga taong may impeksiyon ng TB o may sakit na TB ay maaaring maging kuwalipikado rin sa TB-Cal. Upang malaman kung nararapat kang tumanggap ng mga benepisyo at upang humiling ng pakete ng kaalaman at aplikasyon, mangyaring tumawag sa 1-858-514-6885. Tinatanggap ang mga tawag na "collect."*